


Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 4: Panitikang Asyano: Talumpati



Filipino – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 4: Panitikang Asyano – Talumpati
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Rey A. Fernandez, Thelma P. Opada Naser M. Dacula, Farhan D. Dacula
Editor:	Josephine L. Tomboc, Susan S. Bellido
Tagasuri:	Brengilda C. Canama, Mario Shoji N. Romarate, John Mark C. Lloren, Allene E. Duarter, Alma M. Beton
Tagaguhit:	Neil John C. Bonggol
Tagapamahala:	Ruth L. Fuentes Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Majarani M. Jacinto Juliet A. Magallanes Florencio R. Caballero Alma D. Belarmino

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino
Ikalawang Markahan – Modyul 4:
Panitikang Asyano: Talumpati

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag -aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Magandang buhay, kaibigan! Maligayang pagdating sa ikaapat na modyul kaibigan. Ikinagagalak ko na natapos mo ang ikatlong modyul. Napakagaling!

Ipamalas mo ang iyong angking galing, talento, at kakayahan sa pagpapahayag ng sariling pananaw, pagbibigay-puna, opinyon at pagsulat ng argumento.


Alam kong nasasabik ka na sa mga gawaing aking inihanda. Ano pang hininintay mo? Tara na!

Alam mo ba?

Ang modyul na ito ay idinisenyo at nilikha upang lalong mapaunlad at mapayaman ang iyong mga kasanayan sa pagsasalita, pag-unawa, pagbasa at pagsulat. Mapatutunayan mo rin na ang pagtataglay ng mabuting disiplina ay makapagpapaunlad sa buhay ng tao.

Simulan natin ang ating aralin gamit ang iyong matang mapanuri! Inaasahan kong pagkatapos ng ating paglalakbay ay matutuhan at magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nabibigyang-puna ang paraan ng pagsasalita ng taong naninindigan sa kaniyang mga saloobin o opinyon sa isang talumpati (F9PD-IId-47)
2. Naipahahayag ang sariling pananaw tungkol sa isang napapanahong isyu sa talumpating nagpapahayag ng matibay na paninindigan (F9PS-IId-49)
3. Nakasusulat ng isang argumento hinggil sa napapanahong isyu sa lipunang Asya (F9PU-IId-49)
4. Nagagamit ang angkop na mga pahayag sa pagbibigay ng ordinaryong opinyon, matibay na paninindigan at mungkahi (F9WG-IId-49)



Subukin

Ang mga sumusunod ay ang panimulang pagsusulit na susukat sa lawak ng iyong kaalaman sa panibagong aralin na dapat mong matutuhan.

Sa ngayon, subukin muna natin ang iyong kakayahan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Halika na't iyong umpisahan.



Panimulang Pagtataya

Gawain 1.1

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Isang paraan ng epektibo at mahusay na pagtatalumpati na dapat iangkop ang ekspresyon ng mukha, huwag magkamot ng ulo, ayusin ang pwesto ng kamay.
 - A. kilos
 - B. tindig
 - C. tinig
 - D. kumpas
2. Anong *genre* ng panitikan ang pinababatid sa pamamagitan ng pagsasalita sa entablado na kung saan ipinapahayag ng tagapagsalita ang isang kaisipan tungkol sa isang paksa?
 - A. Sanaysay
 - B. Tula
 - C. Talumpati
 - D. Dula
3. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** layunin ng talumpati?
 - A. Ibigay ang wasto at nararapat na konsepto o kaisipan ukol sa isang paksa, o pagbibigay ng wastong paraan upang makabuo ng isang bagay.
 - B. Ibigay ang mga kaalaman o impormasyon ukol sa isang paksa na hindi pa nalalaman ng mga tagapakinig.
 - C. Makapanghimok tungo sa positibong pagpapakilos ukol sa isang paniniwala o hangarin.
 - D. Malalalim ang gagamiting salita sa talumpati.

4. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** kabilang sa katangian at nilalaman ng mahusay na tekstong argumentatibo?
- Mahalaga at napapanahong isyu.
 - Malinaw at lohikal na transisyon.
 - Mahaba ang pagpapahayag.
 - Maikli ngunit malaman.
5. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag ng matibay na opinyon?
- Buong giting kong sinusuportahan ang iyong proyekto.
 - Kung hindi ako nagkakamali, tama siya.
 - Sa aking palagay, may punto ka.
 - Sa tingin ko, mali siya.

Gawain 1.2

Panuto: Pumili ng isang napapanahong isyu o paksa sa loob ng kahon at isulat sa nakalaang espasyo ang iyong sariling pananaw/opinyon o argumento hinggil dito. Gawin mong gabay ang pamantayang nasa pahina 16 sa gagawin mong pagsagot.

- Paghina ng ekonomiya sa bansa
- Pagtaas sa kaso ng *Covid-19* sa Pilipinas
- *Social Media* sa Kabataan



Kaibigan, naging madali ba sa iyo ang pagsusulit? Aling bahagi ang madali para sa iyo at aling bahagi naman ang mahirap? Huwag kang mag-alala panimula pa lang naman iyan. Sinusukat lamang natin ang taglay mong kaalaman tungkol sa paksa. Tutulungan kitang unawin ang iba't ibang kasanayang dapat mong matutunan at ang magagandang ugaling makapagpapaunlad ng iyong katauhan sa pamamagitan ng mga gawaing aking inihanda.

Aralin

1

Talumpati



Ang galing-galing mo, kaibigan! Binabati kita sa iyong buong husay na pagsagot sa Subukin. Ngayon, handa ka na ba sa panibagong aralin? Kung Oo, Magaling!

Ito ay may kaugnayan pa rin sa pagpapahayag ng sarili mong pananaw, opinyon o saloobin kaya madali lang ito. Pero bago 'yan, subukin muna nating balikan ang nakaraang aralin upang matiyak natin na ikaw ay may natutuhan dito.



Balikan

Kaibigan, balikan muna natin ang ating nakaraang paglalakbay. Naalala mo pa ba ang huli nating pinag-usapan?

Tumpak! Tungkol sa sanaysay na “Ang Kababaihan ng Taiwan: Ngayon at Noong Nakalipas na 50 Taon na isinalin ni Sheila C. Molina.

Ito ay nakatuon sa suliraning kinakaharap ng kababaihan ng Taiwan noon.




Gawain 2.1: Paghambingin mo

Panuto: Paghambingin ang kababaihan ng Taiwan noon at ngayon gamit ang *Venn Diagram*. Gawin mong gabay ang pamantayang nasa pahina 16 sa gagawin mong pagsagot. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

Kababaihan ng Taiwan Noon

Kababaihan ng Taiwan Ngayon



Pagkakaiba

Pagkakatulad

Pagkakaiba

Magaling! Talagang naunawaan mo na ang nakaraang leksiyon tungkol sa sanaysay. Ako’y nasisiyahan sa iyong ipinakita. Tara na at ipagpatuloy na natin ang ating paglalakbay.



Tuklasin

Gawain 3.1 Paglinang ng Talasalitaan

Panuto: Ibigay ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap batay sa *clue* na nasa ibaba.

1. Ayon sa mga batikang manunulat, mahalagang maipahayag mo ang sariling pananaw o ideya sa iyong akdang susulatin.

	K		P			T	
--	----------	--	----------	--	--	----------	--

2. Napakabilis ang paglaganap ng *Covid -19* sa ating bansa, kaya minabuting manatili sa bahay at kumain na masustansyang pagkain para mapalayo sa naturang virus.

P			D			I
----------	--	--	----------	--	--	----------

3. Isang pagpupugay sa mga *frontliners* dahil sa kanilang walang habas na pagserbisyo sa ating bansa lalong lalo na sa pandemyang ito.

T		G		
----------	--	----------	--	--

4. Ang pag-usbong ng iba't ibang variant ng *Covid-19* ay nakakabahala sa lahat ng mamamayan.


P			K				R			N
----------	--	--	----------	--	--	--	----------	--	--	----------

5. Sa panahon ng pandemya sa ating bansa maraming naapektuhan, lalong lalo na ang mga mahihirap, ang kanilang araw-araw na kita ay walang nalalabi para pambili ng ulam hanggang bigas lang.

N		T		T			A
----------	--	----------	--	----------	--	--	----------

Gawain 3.2 Apat na Larawan, Isang Salita

Panuto: Suriing mabuti ang larawan pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



1. Ano ang nasa larawan na ito?

- A. _____
- B. _____
- C. _____
- D. _____

2. Ano ang isang salitang mabubuo mula sa apat na larawan na ito?

Nasiyahan ka ba sa inihanda kong gawain? Ang gawaing iyon ay may kaugnayan sa talumpating ating tatalakayin. Sige nga't basahin mo kaibigan.



“Nagbabagang Klima, Magbabago Pa Kaya?” ni Ashley Coronel

Iklik ang link <https://malikhaingpagsulatblog.wordpress.com/2017/02/25/pag-babago-ng-ating-kalikasan/>

Pamprosesong Tanong

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang pangunahing layunin ng may-akda sa talumpating nabasa?

2. Sa palagay mo, meron pa ba tayong magagawa para maagapan ang pagbabago ng klima sa ating bansa?

3. Sang-ayon ka ba sa sinabi ng may-akda na “Tayo ang sumira ng kalikasan kaya’t sa atin din nakasalalay ang pag-asa?” Bakit?

4. Bilang kabataang Pilipino, paano ka makatutulong sa ating bayan upang mapagaan ang ating problema sa pagbabago ng klima?



Ops! Ang nabasa mo ay isang halimbawa lang ng talumpati. Ipagpatuloy mo pa ang pagbabasa upang iyong lubos na maunawaan ang ating aralin. Halika na... Sabay nating alamin.



Suriin

Kaibigan, ang husay mo talaga! Suriin at basahin mong maigi ang paksang ating pag-uusapan dahil magsisilbi itong gabay upang mas lalo mong maintindihan ang ating paksa. May mga nakahandang gawain o pagsasanay sa ibaba para matasa ang iyong angking galing. Laban kaibigan, napakahusay mo! Ako'y nasisiyahan sa iyong angking galing kaya simulan mo na.



Ano ang Talumpati?

Ang **talumpati** ay sining ng pagpapahayag ng isang kaisipan tungkol sa isang paksa sa paraang pasalita sa harap ng tagapakinig.

Bahagi ng talumpati

1. **Panimula** - inilalahad ang layunin ng talumpati, kaagapay na ang istrategiya upang kunin ang atensiyon ng madla.
2. **Katawan** – nakasaad dito ang paksang tatalakayin ng mananalumpati.
3. **Pangwakas** - ang pinakasukdol ng buod ng isang talumpati. Dito nakalahad ang pinakamalakas na katibayan, paniniwala at katuwiran upang makahikayat ng pagkilos sa mga tao ayon sa layunin ng talumpati.

Uri ng Talumpati ayon sa pamamaraan

- A. **Impromptu o Biglaan**- Ito ay walang paghahandang isinasagawa sapagkat biglang tatawagin ang mananalumpati at pagsasalitain.
- B. **Ekstemporanyo o Maluwag**- Binibigyan ng kaunting panahon ang mananalumpati na makapa-isip –isip sa paksang doon din lamang ipinaalam sa kanya kaya't karaniwang naisasagawa lamang ang balangkas para sundan sa hindi isinaulong sasalitain.

Preparado o handa- Bago sumapit ang okasyon ng pagtatalumpatian ang paksa ay ipinaalam na. Ito ay sadyang pinaghahandaan ng husto, sinasaliksik, isinasaulo at pinagsasanayan pa.



Uri ng Talumpati ayon sa layunin

1. Talumpating Pampalibang

Ang mananalumpati ay nagpapatawa sa pamamagitan ng anekdota o maikling kuwento. Kadalasan ito ay binibigkas pagkatapos ng isang salu-salo.

Basahin ang isang halimbawa sa link na ito: <https://enriquezleah25blog.wordpress.com/2015/10/20/pauso-talumpating-nanlilibang/>.

2. Talumpating Nagpapakilala

Kilala rin ito sa tawag na panimulang talumpati at karaniwan lamang na maikli lalo na kung ang ipinapakilala ay kilala na o may pangalan na. Isang halimbawa ay ang pagpapakilala sa panauhing pandangal sa araw ng pagtatapos.

3. Talumpating Pangkabatiran

Ito ang gamit sa mga panayam, kumbensiyon, at mga pagtitipong pang-siyentipiko, diplomatiko at iba pang samahan ng mga dalubhasa sa iba't ibang larangan.

4. Talumpating Nagbibigay-galang

Ginagamit ito sa pagbibigay galang at pagsalubong sa isang panauhin, pagtanggap sa kasapi o kaya ay sa kasamahang mawawalay o aalis.

5. Talumpating Nagpaparangal

Layunin nito na bigyang parangal ang isang tao o kaya magbigay ng papuri a mga kabutihang nagawa nito.

Halimbawa: Talumpating nagbibigay pugay kay Hidilyn Diaz sa pagkakamit ng ginto sa Olympics 2021.

6. Talumpating Pampasigla

Pumupukaw ng damdamin at impresyon ng mga tagapakinig.

Mga Bahagi at Dapat Taglayin ng isang Talumpati upang maging Mabisa

Panimula. Sa bahaging ito tinatawag ang pansin ng mga tagapakinig.

Paglalahad. Ang bahaging ito ang pinakakatawan sa talumpati. Dito inilalahad ang isyu at pagpapahayag ng diwa sa paksang tinatalakay.

Paninindigan. Dito ipinapaliwanag ng nagtatalumpati ang kanyang pangatwiran hinggil sa isyu. May layunin itong humikayat o magpaliwanag sa mga nakikinig.


Pamimitawan. Sa bahaging ito binibigkas ang pangwakas na pangungusap ng isang talumpati. Kailangan din magtaglay ito ng masining napangungusap upang mag-iwan ng kakintalan sa mga taga-pakinig.

Ang **tekstong argumentatibo** ay naglalahad ng paniniwala, pagkukuro, o pagbibigay ng pananaw patungkol sa isang mahalaga o napapanahong isyu.

Katangian at Nilalaman ng Mahusay na Tekstong Argumentatibo

1. Mahalaga at napapanahong paksa/isyu.
2. Maikli ngunit malaman at malinaw na pagtukoy sa unang talata ng teksto.
3. Malinaw at lohikal na transisyon sa mga bahagi ng teksto.
4. Maayos na pagkakasunod-sunod ng talatang naglalaman ng mga ebidensiya ng argumento.
5. Matibay na ebidensiya para sa argumento.

Mula sa “*Ang Panitikang Asyano - Filipino 9*” nina Peralta, R., Lajarca, D., Cariño, E. et al. (2014). Kinuha mula sa <https://prezi.com/3dfnh5valsye/tekstong-argumetatio/>



Pagyamanin

Kaibigan! May gawain pa akong inihanda para sa'yo upang mas lalong madagdagan pa ang iyong kaalaman. Alam kong kayang-kaya mo 'to! Kaya't ano pang hinihintay mo? Simulan mo na!



Gawain 4.1

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

pampalibang	pangwakas	argumentatibo
pampasigla	panimula	impromptu


_____ 1. Ito ay naglalahad ng paniniwala, pagkukuro, o pagbibigay ng pananaw patungkol sa isang mahalaga o napapanahong isyu.

- _____ 2. Talumpating pumupukaw ng damdamin at impresyon ng mga tagapakinig.
- _____ 3. Talumpating nagpapatawa sa pamamagitan ng anekdota o maikling kuwento.
- _____ 4. Ito ang pinakasukdol ng buod ng isang talumpati.
- _____ 5. Ito ay walang paghahandang isinasagawa sapagkat biglang tatawagin ang mananalumpati at pagsasalitain.

Gawain 4.2

Panuto: Pumili sa kahon ng isang napapanahong isyu at ilahad ang iyong argumento, sariling pananaw o opinyon sa napiling isyu o paksa. Kinakailangan maayos na naisulat ang argumento ayon sa bahagi nito at katangian ng mahusay na tekstong argumentatibo. Sundin ang format sa ibaba. Gawin mong gabay ang pamantayang nasa pahina 16 sa gagawin mong pagsagot.

- *Child Labor*
- *COVID-19 Pandemya*
- *Pagbigay ng Social Amelioration Program*
- *Mass Testing para sa COVID-19*





Isaisip

Napakahusay mo talaga, kaibigan. Batid kong napayabong na ang iyong kaalaman tungkol sa pagpapahayag ng sariling pananaw/opinyon at argumento




Gawain 5.1


Panuto: Punan ng wastong impormasyon ang sumusunod na talahanayan.

ANO ANG IYONG NATUTUHAN?	GAANO ITO KAHALAGA?
A.	
B.	
C.	

Gawain 5.2

Panuto: Gamit ang *horizontal hierarchy*, ilahad ang mga uri ng talumpati ayon sa pamamaraan at layunin.






Isagawa

Napakasaya ko kaibigan dahil malapit mo nang matapos ang modyul na ito at alam ko ring naunawaan mo na ang araling nakapaloob dito. Ipagpatuloy mo pa ang pagsagot upang makahasa ang iyong kaalaman.



Gawain 6.1. Mundo Mo, Sagip Mo!

Panuto: Sa iyong sariling pananaw tungkol sa lumalalang suliranin ng pagbabago ng klima, ano ba ang maaari mong magawa o maitulong upang maisalba ang ating mundo? Isa-isahin ito at isulat sa kahong nakapaligid sa larawan ng mundo.




Paano mo maipapakita ang koneksiyon ng natutuhan sa pang-araw-araw na buhay?

Gawain 6.2

Panuto: Pagmasdan ang mga larawang nasa ibaba. Pumili lang ng isang napapanahong isyu na labis mong nagustuhan. Pagkatapos bumuo ka ng isang talata gamit ang angkop na pahayag na magbibigay ng opinyon, argumento, paninindigan at mungkahi. Isulat mo ang iyong sagot sa nakalatag na espasyo. Gamiting gabay ang pamantayang nasa susunod na pahina.

1.



2.



3.



Pamantayan	Laang Puntos	Aking Marka
Akma sa paksa ang pagpapahayag ng sariling pananaw/opinyon/argumento.	5	
Malinaw na ipapahayag ang sariling pananaw/opinyon/argumento hinggil sa napiling napapanahong isyu.	5	
Maayos na naisulat sariling pananaw/opinyon/argumento ayon sa mga bahagi nito.	5	
Nakahihikayat at nakapagbigay-linaw ang kabuoan sa pagsusulat ng sariling pananaw/opinyon/argumento.	5	
Kabuoang Puntos	20	
5 – Napakahusay 4 – Mahusay 3 – Katamtaman	2 – Di-gaanong Mahusay 1 – Sadyang Di-Mahusay	



Tayahin

Matapos ang maraming gawain at pagsasanay na ibinigay ko sa iyo, masaya ako dahil naabot mo ang bahaging ito. Tiyak ko na marami ka nang natutuhan, kaya panigurado na masasagutan mo ang panghuling pagsubok na ito. Nais ko lang malaman kung hanggang saan na ang kaalaman mo sa modyul na ito. O, handa ka na ba? Simulan mo na!




Pangwakas na Pagtataya

Gawain 7.1

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

- Ano ang sining ng pagpapahayag ng isang kaisipan tungkol sa isang paksa sa paraang pasalita sa harap ng tagapakinig?
 - argumento
 - talumpati
 - impromptu
 - anekdota

2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag ng positibong paninindigan?
- A. Hayaang ang pamahalaan ang maghanap ng solusyon sa kinakaharap na suliranin.
 - B. Huwag sundin ang sinasabi ng nasa panunungkulan dahil wala silang
 - C. pakialam sa iyo, buhay mo iyan.
 - D. Hindi natin makakayang gawin ang simpleng bagay tulad ng pagtitipid ng kuryente at tubig dahil mga bata pa tayo.
 - E. Sa puntong ito, dapat tayong magtulong-tulong sa paglutas sa suliranin sa basura.
3. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang HINDI nagpapahayag ng katangian sa argumento, opinyon, at pananaw?
- A. Mahalaga at napapanahong paksa.
 - B. Malinaw at lohikal na transisyon sa mga bahagi ng teksto.
 - C. Maikli ngunit malaman at malinaw.
 - D. Malinaw ngunit hindi nagkasunod-sunod ang mga talata.
4. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga pahayag na nagbibigay ng matatag na opinyon?
- A. Labis akong naninindigan na si Nesthy ang tunay na wagi sa larong iyon.
 - B. Kung ako ang tatanungin, mas mabuting ma-vaccine ang lahat.
 - C. Lubos kong pinaniniwalaang mahal niya ang kanyang trabaho.
 - D. Kumbinsido akong magbabalik din tayo sa dating normal.
5. Paano nakakatulong ang talumpati sa pang araw-araw na buhay? Piliin ang pinakaangkop na sagot.
- A. Nakapagbibigay inspirasyon sa mga tao.
 - B. Nakapag-udyok na gawin ang kanilang ipinaglalaman.
 - C. Upang malayang makapagpahayag ng sariling opinyon, ideya at argumento hinggil sa napapanahong isyu.
 - D. Maka-aliw sa ibang tao.



Karagdagang Gawain

Kaibigan, ikinalulugod kong batiin ka dahil naabot mo ang rurok ng tagumpay sa ating paglalakbay sa araling ito. Napakahusay at napakagaling mo! Ipagpatuloy mo 'yan kaibigan, saludo ako sa iyo. Itong bahaging ito ay ang panghuling gawain kaya ano pang hinihintay mo? Simulan mo nang sagutin. Kayang-kaya 'yan, ikaw pa. Mabuhay ka!



Gawain 8

Opinyon Mo'y Ipahayag


Panuto: Bumuo ka ng mga pangungusap na nagpahahayag ng iyong opinyon at pananaw batay sa mga kaganapan sa loob ng palaso. Isulat sa papel ang iyong sagot. Gawing batayan sa pagsagot ang pamantayang nasa kasunod na pahina.

1. Paglaganap ng <i>Corona Virus</i>	Opinyon at Pananaw _____ _____ _____ _____
2. Pagwawagi ni Catriona Gray bilang <i>Miss Universe 2018</i>	Opinyon at Pananaw _____ _____ _____ _____
3. Pagkapanalo ng Pilipinas sa <i>30th Southeast Asian Game (Sea Games)</i>	Opinyon at Pananaw _____ _____ _____ _____

Pamantayan	Laang Puntos	Aking Marka
Akma sa paksa ang pagpapahayag ng sariling pananaw/opinyon/argumento.	5	
Malinaw na ipapahayag ang sariling pananaw/opinyon/argumento hinggil sa napiling napapanahong isyu.	5	
Maayos na naisulat sariling pananaw/opinyon/argumento ayon sa mga bahagi nito.	5	
Nakahihikayat at nakapagbigay-linaw ang kabuoan sa pagsusulat ng sariling pananaw/opinyon/argumento.	5	
Kabuoang Puntos	20	
5 – Napakahusay 4 – Mahusay 3 – Katamtaman	2 – Di-gaanong Mahusay 1 – Sadyang Di-Mahusay	



Binabati kita sa iyong pagtitiyagang sagutan nang buong husay ang lahat ng mga gawain sa modyul na ito. Kung mayroong bahagi sa aralin na ito na hindi mo naunawaan maari kang sumangguni sa iyong guro.



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>Gawain 1.1</p> <p>1. A 2. C 3. D 4. C 5. A</p>	<p>Tuklasin</p> <p>Gawain 3.1</p> <p>1. Ekwarto 2. Pagdami 3. tigi 4. Pagkakaroon 5. natitira</p> <p>Gawain 3.2</p> <p>1. taong nag nagsasalita 2. mikropono 3. rustum 4. taong madla 5. talumpati</p>	<p>Pagymainin</p> <p>Gawain 4.1</p> <p>1. Argumentatibo 2. Pampasigla 3. Pampalibang 4. Pangwakas 5. Impromptu</p> <p>Gawain 4.2</p> <p>Ang mga mag-aaral ay may iba't ibang sagot at nasa guro ang pagpapasya.</p>
<p>Isaisip</p> <p>Gawain 5.1</p> <p>Ang mga mag-aaral ay may iba't ibang sagot at nasa guro ang pagpapasya.</p> <p>Gawain 5.2</p> <p>1. Ayon sa Pamamaraan A. Ayon sa Impromptu o Biglaan B. Ekstemporanyo o Maluwag C. Preparado o Handa 2. Ayon sa Layunin A. Pampalibang B. Nagpapakilala C. Pangkabatiran D. Nagbibigay-galang E. Nagpaparalang F. Pampasigla</p>	<p>Tayahin</p> <p>Gawain 7.1</p> <p>1. B 2. D 3. D 4. B 5. C</p> <p>Gawain 7.2</p> <p>Ang mga mag-aaral ay may iba't ibang sagot at nasa guro ang pagpapasya.</p>	

Sanggunian

MGA AKLAT

Peralta, R., Lajarca, D., Cariño, E. et al. (2014). *Ang Panitikang Asyano - Filipino 9*. Vibal Group, Inc.

MGA INTERNET SOURCE

Mariano, Rocel (2019, February 27). *Tekstong Argumentatibo*. Kinuha mula sa <https://prezi.com/3dfnh5valsye/tekstong-argumetatibo/>

Clipart. Email (2020) *Microphone Clipart*. Kinuha mula sa http://clipart-library.com/clipart/microphone-cliparts_3.htm

Clipart. Email (2020) *Audience Sitting Stock Illustrations*. Kinuha mula sa <https://www.clipart.email/download/10650674.html>

Vector Graphic. *Presentation podium for lectures or public speaking*. Kinuha mula sa <https://nohat.cc/f/presentation-podium-for-lectures-or-public-speaking-vector-graphic/comvecteezy554538-201908141633.html>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph